## MAGSANAY TAYO

A. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Ito ay sangay ng paghahalaman na tumutukoy sa pag-aaral ng wastong paraan ng produksiyon ng panamim (*crop production*) at pamamahala at pangangalaga ng lupa (*soil management*).
2. Ito ay sangay ng paghahalaman na tumutukoy sa pag-aaral ng pangangalaga at pamamahala sa kagubatan, pagtanim ng mga puno at iba pang likas na yaman.
3. Ito ay isang proseso ng pagsasalit-salit ng mga pananim ayon sa kalagayan ng panahon.
4. Ito ay paraan ng pagtatanim sa dalawa o higit pa sa dalawang uri ng pananim ang sabay sa parehong lupa o lugar.
5. Ito ay ang pagtatanim ng halaman sa sa saradong sistema (*closed system*) at ginagamitan ng tubig.
6. Ito ay paraan ng paghahalaman kung saan ang mga halaman ay itinatanim sa iba't ibang lagayan kagaya ng paso, plastik na bote, *gallon* ng tubig.
7. Ito ay paraan ng paghahalaman kung saan itinatanim at pinalalago sa tubig ang halaman sa halip na sa lupa.
8. Ito ay paraan ng pagtatanim ng halaman sa mga dalisdis (*slopes*) ng lupa upang makatipid o magamit nang wasto ang tubig ulan at upang maiwasan ang pagguho ng lupa (*soil erosion*).
9. Ito ay tumutukoy sa agham, sining, at pag-aaral ng pagpapalaki o pagpapalago ng mga halaman tulad ng gulay, prutas, at mga halamang pampalaputi (*ornamental*).
10. Ito ay paraan ng paghahalaman kung saan ang halaman ay itinatanim sa kaakit-akit at kaaya-aya ang itsura. Ang isang halimbawa nito ay ang pagtatanim ng *bonsai*.

LIVEWORKSHEETS
CamScanner